

MY CUTE | STALKER

by: yastrawberry



***Copyright © 2012 Yastrawberry
All Rights Reserved***

No Plagiarism. It's a CRIME.

God is watching YOU.

No part of this story may be reproduced or transmitted in any means without express permission from the author.

Author's Note:

Hey! Hindi po ito super taas na story siguro mga 10 chapters lang or maybe lesser than that. May isang part ng story dito na based on experience. Pero secret na ^___^V

Tsaka, sorry sa title, la na akong maisip eh. Biglang pop-out nalang yang sa isip ko. bangag ako nun eh! Hahahaha. Nakita ko lang picture ni Suzy ng Miss A, naisip ko agad yun. Lols.

Don't be attached too much in the story :)
Hope you like it! I'm not a Pro so don't expect too much in this story, like super ganda neto. Okies?! Hahaha. Tsaka sorry sa mga typos dito at sa maling grammar kung meron man po. Bwahahaha. Baliw na ako.

So here it goes ..

Stalk 1:

Curtney's POV

Hi! I'm Curtney Koleen Suzane, 16 years old. Currently 4th year student sa Suzane University, it's a private school anyway. And how will I describe myself? Uhhh .. oh! I have long black hair, blue-black eyes, fair skin, 5'5 ang height, may nerd glasses, and braces and bangs na rin, tapos sabi nila tumataba daw ako ngayon. I don't care anyway. So in short, **di ako kagandahan**. PERIOD.

Well kung tinatanong niyo kung mayaman kami? Yep! Kami may-ari ng school na pinapasukan ko, obvious naman sa name ng school diba? Hehe.

I have one brother nga pala and his Carl Kieth Suzane, 3rd year college na siya ngayon sa same university na pinapasukan ko.

May kwento ako sa inyo. I have a crush in this certain guy since I was in 2nd year high school.

Una ko siyang nakita sa cafeteria naming. Grabe, para akong nistarstruck nun! Ang gwapo niya kasi. I can still remember nung tinanong ko yung bestfriend kong si Milly kung kilala niya ba yun at ayun sabi niya di niya daw kilala. Kaya ang ginawa ko eh ini-STALK ko siya.

Inilam ko lahat tungkol sa kanya. From favorite color, food, pet, his birthday, everything.

But I hope. Someday, he can notice me.

So I'm definitely proud to be his stalker.

By the way, his name is **Drake Santillan**. The Campus Heartthrob.

And the LOVE OF MY LIFE (♥-♥)

Stalk 2:

Curtney's POV

"CURTNEY KOLEEN SUZANE!" ouch. My ears. <(-___-)> .
Makasigaw naman to si kuya oh!

"Hey! You young lady! Wake up! Malelate ka na oh! It's already 6:30am at 7:30 ang pasok mo!" panenermon ng aking magaling na kapatid. Psh.

"tss. As if I care?" sabi ko with no care at all. Eh kahit naman late ako okay lang sa teacher naming eh.

"Ano ba kuya! Eto na nga oh! Babangon na. kainis naman eh!" sabi ko sa kanya ng inis na inis talaga. kasi naman eh, di na kailangan pang hilahin yung kumot ko. Tss. Ansarap pa ng tulog ko eh. Sinira pa ni kuya =___=

“Yan kasi, facebook ng facebook. Alam ng may pasok pa eh. Tsaka kung ini-stalk mo nanaman yung lalaking yun. Ako na nagsasabi sayo, STOP IT ALREADY! Ikaw lang din ang kawawa niyan eh” wow hah! Haba naman yata ng sinabi neto. Tss.

“Eh ba’t ba. Hayaan mo na nga lang ako kuya. Tsaka hindi niya rin naman ako kilala eh.” Sabi ko sa kanya. Yeah, di niya ako kilala, PERSONALLY. I mean, name lang naman ang alam niya eh.

“Bahala ka nga dyan. Bilisan mo na. pahatid ka nalang kay manong at mauuna na ako” sabi niya at lumabas na ng kwarto.

Ako naman eh ginawa na ang seremonyas ko.

Naligo. Nagbihis. At kumain.

Ngayon we’re on our way to school na.

Haaayy .. antraffic naman. Nu bang meron? Tss. Kainis naman kasing mga traffic lights yan eh. - ___ - sino nag-imbento niyan at papasalvage ko. Yan din kasi dahilan ba’t nagiging traffic eh. Alam niyo kung bakit?

DI KASI GUMAGANA NG MAAYOS! Tss. =___=

At after 35 mins. nasa school na rin kami. Sinabi ko lang kay mang Bert na huwag niya na akong sunduin mamaya.

At eto nanaman po ako, naglalakad papuntang room ko. Mamaya ko pa kasi gagawin yung plano ko eh. Hehehe. Alam na, ang pangsto-stalk ko kay Drake MY LABS! Hahaha.

While on my momentum time eh naririnig ko nanaman bulungan nila ..

“yaakk! I wonder paano siya naging kapatid ni Carl, eh di hamak na ampanget naman neto eh” P1(“P” stands for PUSIT)

“oo nga. Siguro ampon lang siya” P3

“andito nanaman si UGLY NERD!” P4

***“Ansarap niyang ipakain kay Lolong ng mabawasan ang panget sa Earth”
P5***

Pshh. Pakialam ko sa inyo? Tss.

Oo mga dear, ako po ay isang DAKILANG NERD ng sarili naming paaralan. At madalas din po akong mabully. Patago nga lang tsaka di ko na sinasabi kina mommy at daddy, lalo na sa kuya ko. Baka kasi lumaki pa yung gulo eh.

Feeling din kasi nila masyado eh -___-.

Dumaan muna akong locker ko para kunin yung book ko sa math. Iniiwan ko lang kasi. Hehe.

*lalala~

TUUGSSHHH (sound effect ng naluhog na book. Sarrehy na man sa low quality -__-b)

“Ahy Shungaaa!” kasi naman eh. Epal nitong librong to, nahulog pa.

Pinulot ko na yung libro ko.

*pulot libro

“Hoy babae!” gulat ni Milly.

“Ay Babae! Ano ka ba naman Milly! Aatakihin naman ako sayo! Huwag ka nga manggulat.” Sabi ko sabay lagay ng libro sa bag ko.

Magkakasakit naman ako sa puso netong babaeng ito eh. -___-

“Sorry naman. Uyy! Bessy, anong oras mo nanaman i-istalk si Fafa Drake mo? Hihihih.” Sabi niya na kinikilig pa. pshh. Baliw lang?

“SHHHHHH! Huwag ka ngang mingay baka mamaya may nakarinig dyan eh!” sabi ko habang takip-takip ang bibig niya. Ang ingay talaga neto.

Nga pala lahat pala ng tungkol sa akin eh alam netong bestfriend ko. Since elementary ko pa to bestfriend. Siya yung nagtatanggol sa akin sa mga nambubully sa kin pagnakikita niya lang naman, pero pagwala siya sa tabi ko, tanggap ko na ang ginagawa nila. Hamak na UGLY NERD nga raw ako. At wala daw akong karapatan na umangal. Oh di sila maganada -___-

Oo na sila na maganda. Ei , I forgot, si Milly pala yung campus sweetheart naming. Ang ganda niya kasi eh. Dami ngang manliligaw neto pero ni isa wala siya inentertain. Sabi niya kasi isa lang talaga daw yung nasa puso niya, si Kuya ko lang daw talaga. hahaha. Baliw lang talaga yun. May sapak yata to eh! Di ko alam kung anong nakita niya dun.

Wanna know since when ko pa ini-istalk si Drake my labs? Uhhh .. since 2nd year high school ako, ini-istalk ko na siya. Kasi naman nahihya akong makipagkaibigan sa kanya eh. Tsaka baka nga pagginawa ko yun, din a ako papansinin nun ever.kasi nga UGLY NERD ako. (>o<) oo na ako na may mababang self-esteem. (_ _ ”)

After naming ni Milly sa locker area eh pumunta na kami sa room naming.

“The structure of blah blah blah” discuss ng physics teacher naming. Haaaay. Amboring naman. Ang taggal naman ng bell for lunch. -_____ -

After 3 hours..

RIIIIIINNNNNNNNNNNNNNGGGGGGGG!

Yoss! Bell na! hahaha.

Inayos ko kaagad gamit ko at hinatak ni si Milly papuntang cafeteria. After ko kasing kumain eh, pupunta na ako sa room ni Drake para you know. Hahaha.

“Bes? Di ka pa ba tunaw dyan?” tanong bigla ni Milly sa gitna ng aming pagkain.

Out of the blue naman yata yung tanong niya? (?_?)

“Hah?” yun lang nasabi ko. Eh malay ko bas a pinagsasabi ng babaeng to.

“Tingin ka kaya dyan sa left side mo” nguso niya sa kaliwa.

Oh—kayy ..

Tingin sa kaliwa at—

O_____O

Balik tingin ulit kay Milly na nanlalaki ang mata.

“Bes, sabihin mong di totoo yung nakita ko” sabi ko sa kanya.

Gusto niyo malaman anong nakita ko? I mean, SINO ang nakita ko?

SI DRAKE LAMANG PO MGA KAPATID!

kyaaaaaaaaaaa~ tumingin siya sa side naming. I wonder why?

Tsaka minsan ko lang siya makitang kumakain dito sa cafeteria eh. Kadalasan kasi nasa tambayan lang sila kumakain ng barkada niya.

“Hindi ka nagkakamali bes. Alam mo bes, postpone mo kaya muna yang pangstalk mo sa kanya later? Sama ka sa akin may pupuntahan tayo” sabi niya na excited na excited pa, may halong palakpak pa nga eh.

Weird. -___-?

“San naman?” curious kong tanong.

“Basta! Hehehe. ADFGDSGFD sila! Bwahahahahahaha” hala?! (O.O) yung bestfriend ko , nabaliw na yata?! Bulong lang kasi narinig ko nung before sa SILA na word eh.

(O.o)—yan lang reaksyon na ibinigay ko sa kanya.

(^_____^)—yan naman yung kanya.

(-___-) ewan.

Milly’s POV

Kyaaaaa~ ansabe naman netong si Drake. Makatingin sa besty ko oh! Hahaha.

Ay! Before the sunshine falls down. I’m Milly Jane Hanes. Bestfriend ni Curtney since elementary.

So nandito nga kami sa cafeteria at kanina ko pa nakikitang pasulyap-pasulyap si Drake sa may table namin.

Bakit naman kaya to napapatingin dito?

Kaya tinanong ko si besty.

“Bes? Di ka pa ba tunaw dyan?” tanong ko sa kanya.

Eto lang sagot nya.

“Hah?” (?_?)

Parang ewan naman to oh!

“Tingin ka kaya dyan sa left side mo” yun nalang nasabi ko.

Ayun tumingin siya. Reaction niya? Eto oh!

O_____O

Maya-maya eh biglang balik ng tingin sa akin na ganun pa rin. Nanlalaki ang kanyang maliliit na mata. Ankyoot talaa ng bestfriend kooo~ >O< charap kurutin!

“Bes, sabihin mong di totoo yung nakita ko” sabi niya sa akin.

Ay? Naka-Mary Jane ba to? at parang adik?!

“Hindi ka nagkakamali bes. Alam mo bes, postpone mo kaya muna yang pangstalk mo sa kanya later? Sama ka sa akin may pupuntahan tayo” sabi ko sa kanya. With palakpak pa yan!

Wondering where I’m gonna bring Curtney is? Hahaha.

Papamake-over ko sya. Shhhh! Matagal ko na yang plano. And now, I have my reason na para talagang mapaganda pa lalo si besty ko!

“San naman?” tanong niyang parang nakku-curious. -___-

“Basta! Hehehe. Siguradong magugulantang sila! Bwahahahahahaha” sabi ko pero binulong yung “gulantang part”. Hahaha.

I’m so excited!

“BEESSS! AYOKONG MAGPASALON!” aray! Grabe naman to makareact si bessy oh!

Tama kayo readers, nasa salon ho kami. At eto kinakaladkad este hinihila ko siya para makapasok.

Salon to ng tita ko at alam kong kaya niyang magikin yang si Curtney. Sa totoo lang madali lang naman yun eh. Kasi konting kulot ng buhok niya tapos tanggal nung nerdy glasses pati braces niya. Chenengg! Gaganda nay an. Pero kailangan parin ng help ni tita! Haha.

“bes! Ano ka ba! Saglit lang naman eh! Ayan! Upo ka lang dyan. At subukan mong tumayo at tumakas, eto ang abot mo*sabay taas ng fist*” nahatak ko rin sa wakas. Kapagod.

Ayun nga, iniwan ko muna siya dun para tawagin yung tita ko at iwanan siya dito kasi bibili pa ako ng mga damit niya. Hihhi. Can't wait sa transformation niya! (^,)

Pumasok ako sa isang office niya sa salon.

“Hi tita!” sabi ko.

“Oh! Milly iha. Napadalaw ka? May kailangan ka iha?” tanong niya. And kiss sa cheeks niya.

“Uhhmm. May ipapamake-over lang po ako” sabi ko na excited na excited talaga. hohoho ^O^

“Ohh? Sino naman? Teka lang hah, ayusin ko muna to” sabi niya pertaining sa mga papers sa harap niya.

“Si Curtney po! Hehehe” sabi ko na super lapad ng ngiti.

Ganito oh!

(^_____^)

“Talaga? Naku! Leave it to me Milly! Ako ng bahala kay Curtney” sabi niya sabay ngiti.

Kilala kasi ni tita Lisa si Curtney eh. Dinadala ko din siya dito pagnagpapagupit ako o di kaya eh pag naisipan kong bisitahin si tita.

“thanks tita! liwanan ko muna siya dito tita, bibili po muna ako ng mga damit and stuffs for her. Kyaa~ can’t wait!” sabi ko sabay irit. Hehehe. Eh ba’t ba? Sa excited ako eh.

So lumabas kami ni tita Lisa sa office niya at pinuntahan na si bessy.

“hey bes! Iwan muna kita dito hah? I’ll be back. Soon” sabi ko sabay alis at kinindatan siya.

Hoho! Nu kaya itsura niya? Sana naman mapansin na talaga siya ni Drake. Wawa kasi bff ko, hanggang tingin lang eh. Haaay.

But I’ll do my best for my bessy! (*-*)J AJA!

Stalk 3:

Curtney’s POV

Okay. Iniwan na po ako ng magaling kong bestfriend dito.

So ayun na nga. Sinimulan na nila imasaker ang maganda kong STRAIGHT na buhok.

Nooooo! May hair TT_____TT huhu. Bye STRAIGHT HAIR!

Ikukulot daw kasi nila eh. Waaaaaah! Ambad nila >3<

After 6236235218 years!

Natapos na rin kami.

Haaay. Ayaw pa akong ipaharap sa salamin eh. Mamaya na daw. -__-
Okay.

“I’m baaaccck!” kilala niyo na sino yun. Ang dakila kong bespren.

“Hoy! Makasigaw ka dyan kala mo walang customer ah” sabi ko sa kanya.

Pagtingin niya.

O____O

Oh? Nu problema nito? Ba’t ganto to makatingin?

Hayyy siguro ampanget ko neto. Di bagay sa akin (__ __ ”)

“OMG! Waaa~ best! Ganda mooooo! Gassshh!” sigaw niya.

Sabi na eh. Di ba—anu daw?! (O.o)

Bigla akong niyakap ni Milly na muntikan na kaming matuba na dalawa.
Ay? Bes? Shunga lang?

“Gashh! Ang ganda mo! Heto nga pala, isuot mo to, alam mo na naman yung fitting room dito.”sabi niya na sobrang lapad ng ngiti. Nakakatakot na talaga tong kaibigan kong to.

Grabe makangiti eh. *goose bumps*

Isinuot ko na yung binigay niyang damit sa akin pati shoes.
At anak naman ng siopaong asado oh! Dress pala to?!

Istura nung dress?

Color flesh siya na flowing hanggang tuhod basta yung uso ngayon. Sleeveless pa. with matching dollshoes na simple lang pero bumagay sa damit.

Galing talaga ni Milly sa mga ganito. Siya na, siya ng fashionista, ako ng baduy.

After kong magbihis lumabas na ako ng fitting room at inamba nanaman ako ng yakap ni Milly. Taeng babae to. Bigla bigla nalang nangyayakap. Buti di kami natutumba.

“my gash! Ang ganda mo talaga best! Ay! May kulang pa. tanggalin natin yang nerdy glasses mo and suot mo tong contacts and we’re almost done!” sabi niya sabay bigay nung contacts.

Ayun hinubad niya yung salamin ko at ipinasuot na yung kacolor lang ng mata kong contacts.

Pero ano daw sabi niya? ALMOST DONE?! Ibig sabihin di pa kami tapos? Bukod sa minasaker na buhok ko, tinanggal ang glasses ko at minak-upan ako(pero light lang naman). Oo mga ateng minake-upan ako -___- pero di pa rin tapos?! Grabeeee! Ayoko naaa!

“PERFECT!” sabay na sigaw nina Milly at Tita Lisa.

Perfect? Eh di ko pa nga nakikita sarili ko eh. Psh.

“Ayan! Mas gumanda ka bes! Hahaha. Humanda sila sa bagong Curtney KOLEEN Suzane. Ngayon wala na silang malalait pa sayo. Bwahahaha. Ay tama nga pala, halika muna punta tayong dentist at ipapatanggal natin braces mo then balik tayo dito” mahabang eksplasyon niya.

Hinila nalang ako bigla ni Milly at pumunta kami sa malapit na clinic sa loob ng mall. Aaah. So yun pala yung kulang sa make-over chuchu niya sa akin. Akala ko naman kung anon a. -___-

After ilang minutes eh wala na yung braces ko. Naninibago pa nga ako eh.

“Smile ka nga bes!” sabi ni Milly.

Ngumiti naman ako. Hehehe.

“MAS GUMANDA KA PA!” araykupo. Mawawalan naman ako ng tenga netong si Milly kakasigaw eh. <(-_-)> bagay nga sila ni kuya. Wagas kung sumigaw -__-

After naming sa dentist ni Milly, bumalik na kami sa salon ni Tita Lisa.

Dinala nila ako sa isang kwartong walang ilaw..
Maya-maya lang umilaw na at ..

“SINO TO?!” turo ko sa salamin. Oo salamin, kwartong puro salamin ang laman. Woah! Ang ganda naman ng babaeng nandyan sa salamin.

“Ikaw yan shunga!” ambilis namang nasa tabi ko si Milly with tita Lisa.

“weh? Di nga bes?” sabi ko na di makapaniwala.

Di nga? Ako talaga yan?

Ganda ko! Chos!

O___O! haaha. Yan po reaction ko. Ako ng maganda!

After ng make-over session naming ni Milly eh kumain muna kami at pansin kong nakatingin sa akin ang mga tao.

Sinabi ko yun kay Milly at ang sabi lang niya **“Ang ganda kasi ng kasama ko oh! Haha”** baliw talaga.

After naming kumain eh eto na nga at pauwi na ako. And as usual nagtaxi lang ako, kasi nga diba din a ako nagpasundo kay mang Bert.

DING DONG! DING DONG!

Ayun! Bumukas na ang gate. Lumabas si James yung parang butler namin.

“Sino po hinahanap niyo miss?” tanong ni James. Eh? Ano pinagsasabi neto?

“Hah? Anong pinagsasabi mo dyan James? Ako to! Si Curtney!” sabi ko with hand gestures pa.

“Miss Curtney?! O___O” ay? Di ka naman gulat niyan James? -__-

“Ako nga! Kaya papasukin mo na ako dahil pagod ako kakahila ni Milly kung saan saan” sabi ko. Tumabi na rin siya at pinapasok ako.

Habang papasok ako di parin makapaniwaala si James sa transformation ko raw. Di niya nga daw ako nakilala kung di ko pa sinabing ako si Curtney eh.

Gano pala kalaki pinagbago ko?

Pagpasok ko naman todo tanong naman yung mga maids naming kun sino daw ba yang kasama ni James at ang ganda ganda daw. Sabi pa nga nung isang maid baka daw girlfriend ni kuya eh. Yak lang! hahaha

“Ako to guys! Si Curtney!” sabi ko.

Sagot nila?

“Weehhh?” sabay sabay pa sila.

(-_____-)—ako

Sarap batukan netong mga to eh.

“Guys, it’s miss Curtney. Hindi niyo ba siya namukhaan?” tanong ni James sa mga maids naming.

O_____O—istura nila.

Maya-maya..

(^_____^)—sila yan

(-____-)—ako yan

After 3 weeks simula nung transformation ko. Thanks with the help of my bestfriend Milly.

Alam na rin ng bounng school campus about dun. Marami na ngang nagbibigay ng kung anu-ano sa akin eh. Pshh. Mga pasikat! Din rin naman sila papasa sa akin eh. Si Drake lang gusto ko.

Here I am again. Back to the business.

Ang pang-i-istalk kay Drake ^____^V

Nandito ako ngayon sa may puno medyo malayo ng konti sa tinatambayan ng barkada niya.

Rinig ko rin ng konti pinag-uusapa nila. At sobrang sakit lang nung narinig ko ..

“Bro, balita ko nililigawan mo daw si Sandy ah, yung leader ng cheering squad! Grabe! At last nagkaroon ka narin ng lakas ng loob!” sabi nung kaibigan niya. Kyle yata name nun.

Sobrang sakit nung narinig ko lalo pa nung nakita kong ngumiti si Drake sa sinabi ng kaibigan niya.

Di ko namalayan tumutulo na pala yung luha ko.

Sobrang sakit talaga, to the point na tumakbo ako kung saan man dalhin ako ng mga paa ko.

Wala nga akong pakialam sa mga nababangga ko eh.

Ang gusto ko lang, makalayo, makalayo mula sa kanya.

Nakarating ako sa isang park. Sa loob pa rin to ng school.

Wala gaanong pumupunta dito. Abandoned park na kasi to. At dito lang yung matatawag kong sanctuary pag gusto kong mapag-iisa. At makapag-isip-isip.

Iyak lang ako ng iyak nun hanggang sa tumahan na rin ako.

Di na ako pumasok sa last 2 subjects ko at umuwi nalang ako.

Nagulat pa nga si kuya ba't ang aga ko raw umuwi. Sabi ko nalang **“di po kasi maganda pakiramdam ko”** at umakyat na sa kwarto ko.

Stalk 4:

Curtney's POV

Umabot ng one week ang pagtigil ko sa pang-i-istalk kay Drake dahil na rin siguro dun sa narinig ko nung last week.

Sobrang nasaktan kasi ako nun. Gabi-gabi akong umiiyak. May isang beses nga pumasok si kuya sa kwarto at nagulat kasi umiiyak ako.

Tinanong niya kung anong nangyari. Nung una nagdedeny pa ako pero di naglaon napaamin din ako na tungkol kay Drake yung dahilan ba't ako umiiyak. Sabi niya sa akin **“sabi ko naman sayo eh, itigil mo nay an, tignan mo, ikaw parin ang nasasaktan. Tahan na”** at inalo lang niya ako.

Napaisip din naman ako sa sinabi niya. Tama nga siya ako nga lang rin naman ang nasasaktan. Pero hindi, dapat ko pa ring sundin kung ano man ang sinasabi ng puso ko. Kahit na MASAKTAN PA KO.

Nagdaan ang mga araw, at ganun pa rin stalker pa rin ako ni Drake. May isang beses pang muntik niya na akong Makita dahil may naapakan akong kung ano, buti nalang mabilis akong nakatakbo at nakapagtago.

At confirm nga rin na nililigawan niya na si Sandy, si Sandy Mendez. No wonder, kasi maganda, mabait tsaka talented din kasi si Sandy. Halos lahat ng students sa school kaibigan niya tapos marami pang nag-aadmire sa kanya.

Minsan ko na rin silang nakita magkasama nung minsang inistalk ko si Drake hanggang sa mapunta sa room ni Sandy. Yun pala sinusundo niya. Sobrang nasaktan ako nung panahong yun. Inisip ko nga, sana ako nalang.

Hanggang sa umabot na ang araw na pinaka-ayaw ko.

GRADUATION NA NAMIN.

Oo gagraduate kami ng di ko man lang siya nakausap o nalapitan.

Haaayy. Ansaya lang diba? Tss.

Nahihiya naman kasi akong lumapit sa kanya eh.

Salamat din sa pang-iistalk ko sa kanya dahil nalaman kong sa Suzan University pa rin pala siya mag-aaral same as Sandy na hanggang ngayon eh nililigawan pa niya.

Sobrang saya ko nun kasi alam kong makakasama ko pa rin siya sa College at nalaman ko rin na Architecture pala yung kukunin niya kurso. Ang saya kasi parehas kami ng kursong kukunin. ^ ____ ^

Pero di parin mawal sa isip ko na may posibilidad na maging sila na ni Sandy. :(

“Salutatorian, Miss Curtney Koleen Suzane” nung tinawag na ang pangalan ko umakyat na rin ako ng stage. Masaya ako kasi kahit papaano I make my parents happy and proud of me.

Sabi pa nga ni daddy sa akin, kahit na salutatorian lang ako, okay lang. Masaya na siya. Sa katunayan, proud na proud nga sila sa akin eh.

At dahil dun, binigyan na ako ni daddy ng sariling kotse at condo unit.

Nagulat ako siyempre at ang sabi niya ..

“It’s time anak para maging independent ka na, kasi di sa lahat ng oras eh makakasama mo kami same as your brother. But you still have to update us if kumusta ka na okay?” sabi ni daddy sabay abot ng susi ng condo at ng kotse ko. Yay! Ansaya! I can live with my own!

Malapit lang din yung condo ko sa school, so di ako mahihirapan at kayang-kayang lakarin lang. at paniguradong, makakatipi ako ng gas. Haha ^O^V

So ayun nga, kumain lang din kami sa labas after ng graduation ko kasi pagkauwi naming kailangan pang maghanda nina mommy at daddy kasi may aasikasuhin pa daw sila sa US kaya kailangan nanaman nilang umalis.

Okay lang sa akin, at least natutupad naman nila promises nila eh. They never fail us ni kuya. That’s why love na love ko sila. Kasi kahit na anong busy nila, gumagawa sila ng way para lang matupad promise nila.

So after nga naming kumain eh umuwi agad kami ng makapagpahinga daw muna sila ng konti.

At nung gumabi na, hinatid na naming sila mommy sa airport at nababye na rin kami.

Kasalukuyan nga pala akong nag-aayos sa bago kong condo. Yep! Nandito na ako sa condo ko.

2 days nung hinatid naming sina mommy sa airport eh napagdesisyunan kong ayusin na ang condo ko dito para di na hassle.

Mamaya pa kasi darating si Milly para samahan akong bumili ng stocks ng food para sa condo ko.

Nilalagay ko na yung mga damit ko ngayon sa closet ko. Tapos ko na kasing naayos yung sa salas at sa kusina.

After kong matapos yung pag-aayos sa closet ko eh nilagay ko na yung mga dapat ilagay sa bathroom ko.

Itsura ng condo ko? Hmmn .. retro style yung kwarto ko, tapos yung kabilang kwarto eh polka dots na may iba't ibang kulay na vintage style naman, tapos yung sa sala naman white and black, yung furnitures ko karaniwan modern type. Si mommy daw mismo pumili niya eh.

Tapos sa kusina naman kulay blue, dalawa kasi fave color ko, pink and blue. Hehe.

Malaki din yung banyo ko. Di lang ganun kalaki tulad nung sa bahay. Syempre condo unit lang to noh, di bahay. Okay baliw na ako, kinakausap sarili - ____ -

“Haaayyyy! Kakapagod” sabi ko sabay upo sa couch ko na super cute at astig! Hahaha. Pano ba naman kasi, medyo pacurve siya tapos yung kulay stripes na black na may mga throw pillow na iba't ibang klase ng domo faces. Hahaha. Baliw talaga si mommy.

Pumikit ako saglit at biglang nagring cellphone ko. Pambihira naman oh! Kakapikit ko palang eh!

Kinuha ko yung phone ko sa side table at tinignan yung tumatawag.

Si Milly pala.

click answer

“Hello?”

[bess! Nasa ground floor na ako. Grabe naman di mo sinabi nasa 14 floor ka pala!]

“aah. Ganun ba? Ay sorry naman noh? Di ka naman nagtanong eh” sago ko sa kanya. Baliw talaga to.

[hehehe. *ting* ayan! Nandito na ako sa floor mo, anong unit ka nga ulit?] tanong niya. Siguro kalalabas lang neto sa elevator.

“2428” sabi ko.

[okies. I'll be there in no time!] sabi niya naman. Malamang, nasa floor ko na nga siya eh. Shunga lang bes? Ge. Pagalitan mo si Milly sa utak mo Curtney
-_____-

DING DONG! DING DONG!

Si Milly na siguro yun.

So pumunta na ako sa pintuan at binuksan ko.

Tama nga ako si Milly nga.

“WOW BES! Kaw na maganda ang condo” sabi niya habang papasok sa loob at nilibot ang tingin.

“Tss. Nagsalita ang mas may magandang unit -__-“ sabi ko, eh totoo naman eh. Mas maganda kaya unit niya. Masyado nga lang girly. Psh.

“Asus! Maganda kaya unit mo! Modern type ang salas, blue ang kusina at retro style ang isang kwarto tapos polka dots yung sa kabilang kwarto na halatang vintage style!” sabi niya sabay upo sa couch. **“let me guess, ikaw ang nagsabi nung design sa dalawang rooms noh?”** sabi niya sa akin. This time humiga na talaga siya.

Feel at home na feel at home ah.

“hindi noh. Alam din kasi ni mommy gusto ko, kaya nga nung nakita ko yung loob neto, tumawag agad ako kay mommy at sinabing thank you kasi kuha niya yung gusto ko” sabi ko sa kanya at pinaisud siya. Feeling eh, kala mo kanya yung buong couch. Hahaha

Modern and vintage style kasi yung style nung buong unit.

“Ohh. Oh tara na! alis na tayo at magbihis ka na diyan.” Sabi niya sabay hila sa akin at tinulak sa kwarto ko. Tss. Makatulak naman to, =___=

“oo na, intayin mo nalang ako diyan.” Sabi ko at nagbihis na rin.

So umalis na nga kami at pumunta na kami ng mall tapos direktso na kami sa supermarket.

Kinuha ko yung isang strawberry jam at nagulat ako kasi may kamay na nakapatong sa kamay ko. Nung nilingon ko. Literal na lumaki yung mga maliliit kong mata.

O_____O

Si .. si ..

SI DRAKE! My goodness! Hinawakan niya kamay koo! Waaaaaaa!

Bigl niya nalang nabitawan ko kasi siguro nagulat din siya. Eh kung nagulat siya, ano nalang kaya ako!? Tae! Hihimatayin na yata ako! Waaaa! Lord! I labyu na talaga.

“Ahhmm. Sorry, sige sayo na yan, iba nalang kukunin ko” sabi niya at kinuha ang chocolate spread.

Ako? Eto. Tulala parin di makapaniwala sa nangyari.

Mayamaya lang naramdaman kong may nagsnap sa harap ko.

“HOY! Tulala ka dyan!” sigaw ni Milly.

“Ay Drake!” nasigaw ko bigla kaya napalingon naman yung mga tao sa palifgid naming. Nginitian ko nalang sila.

Nubayun? Ba’t naman sa daming pwedeng masabi eh yun pa. buti nalnag wala na si Drake nun. Kundi! Lagot ako >.<

“anong Drake ka diyan? Ikaw ha! Hanggang dito ba naman eh iniistalk mo pa yun?” sabi niya kaya tinakpan ko bigla bibig niya.

Andaldal talaga neto. Tss.

“Tumahimik ka nga! Mamaya may makarinig sayo eh” sabi ko.

Tinuloy nalang naming yung paggrogrocery naming at pagkatapos nun kumain kami sa McDo at umuwi na rin after nun.

Hinatid lang ako ni Milly sa condo ko at umuwi na rin siya. Kotse niya nga pala ginamit naming.

First day of class bilang college student! Waaaa! Kinakabahan ako.

Eto na nga at papasok na ako ng school. Sa tabi lang ng elementary at high school ang sa college.

Habang naglalakad ako napapansin ko panay ang tingin sa akin ng mga tao.

Bakit naman kaya ganyan sila makatingin?

(?_?)

“Excuse me. Ikaw ba si Curtney? Yung anak ng may-ari ng shool?” biglang may lumapit sa akin na dalawang babae. Yung isang nakapony ang nagtanong.

Eh? Ano naman kung ako nga? (-__-)

“Hah? Ah. Oo, bakit?” inosenteng tanong ko nama. Ba’t ba eh kaw ba naman biglang tatanungin ng ganun? Haaay.

“Kyaaaa~ ang ganda mo pala talaga sa personal! Alam mo idol na idol kita! Nakita ko nga yung picture mo sa magazine eh! Grabe. Pangmodel ka talaga” sabi niya.

Teka nudaw? Picture? Magazine?! Tek—

HOLY SMURF!

“WHAT?!” napasigaw ako ng di oras. Takte! Akala ko di pa narerelease yung magazine nay un? Sabi kasi ni kuya sa susunod na buwan pa daw yun marerelease eh. Ba’t wala akong notice mula sa company?!

“H-ha? H-hindi mo p-pa b-ba n-nakita yung m-magazine?” sabi niya na nauutal pa.

Nagulat ko siguro dahil sa pagsigaw ko. Sorry naman (_ _ ”)

“I mean, sorry sa pagsigaw ko” sabi ko sa kanya. **“Pero, sinabi mo bang nairelease na yung magazine?”** tanong ko sa kanya.

Tumango lang siya bilang sagot.

OMG! Ano kayang itsura ko dun?! Waaaa!

O_O

“aah. Di ko pa kasi nakikita eh. Hehehe. Ummm. Salamat nga pala ^__^” sabi ko at nginitian ko siya.

Itsura nilang dalawa.

(*O*)—pony girl

(^O^)—headband girl with feather

Eh?

“Ang gondo mo talaga! hehe. (/O*)/” Sabi nung si headband girl.

(O.o)—ako

Ngumiti lang eh. (-___-) weird.

“Ay! Ako nga pala si Cheska ito naman si Nadine. Hehe. Sana maging friends tayo. Balita ko rin sa Architecture department ka? Naku! Baka malaki yung chance na maging magkaklase tayo!” sabi niya na may sabay pang palakpak.

Ang hyper naman neto.

Nga pala yung si pony girl si Cheska at si Nadine yung si headband girl.

“Ahh. Oo, sa Archi. Dept. nga ako :). Uhhh .. mauna na ako sa inyo hah? Hahanapin ko pa kasi yung room ko. Di ko rin kasi kasama yung bestfriend ko sa ibang building kasi siya eh” sabi ko naman sa kanila.

Kasi naman si Milly eh! Nag-masscom ang loka >.<

Ayan tuloy, loner ako. Eh di naman ako masyadong friendly kasi mahiyain nga ako.

“Ganun ba? Edi samahan ka na namin ni Nadine. Since sa iisang building lang naman tayong tatlo eh” sabi ni Cheska.

So ayun nga. Sinamahan nila ako and only to found out na magkaklase kaming tatlo. Sabi pa nila kung pwede ko bad aw silang maging kaibigan., kaya ayun sabi ko oo naman. Atleast may friend na ako ^___^

Habang nagkaklase kami ..

“Sorry ma’am I’m late” sabi ng isang lalaki. Di ko siya nakikita kasi nakayuko ako at may sinusulat.

Siniko ako ni Cheska, siya kasi katabi ko. Kaya tumingin naman ako sa kanya with a questioning look tapos ngumuso siya sa harap.

Paglingon ko sa harap ..

O_____O!!

DRAKE?!

Oo mga kapatid! Si Drake po! Ang aking my labs! Gosshh! Anong ginagawa nya dito?! (ay? Shunga lang Curtney? Malamang same din course niyo kaya expect mong may possibility na maging kablock mo siya -___-) oo nga noh?

My god! Tumingin siya sa gawi ko. Kaya bigla nalang akong napayuko.

My goodness! Nakakahiya >.<

“ohy. Kilala mo siya? Di ba siya yung captain ng basketball team sa Suzane High?” tanong ni Cheska. Andaladal din pala neto parang si Milly lang =__=

Namiss ko tuloy yung bruhang yun!

“h-ha? H-hindi. Hindi ko siya kilala. I mean, di ko siya kilala Personally, I just know his name” sabi ko sabay iwas ng tingin kasi alam ko naman kung sino siya eh. Stalker niya nga ako eh diba?

“Ooohh” sabi niya. Wew! Muntik nay un ah.

“It’s okay Mr.?” tanong ng Prof. naming sa Math.

“Drake po. Drake Santillan” sabi niya.

“Mr. Santillan. You may sit now beside Ms. Suzane” sabi niya.

Okay? Saan daw siya uupo?

Tama ba yung narinig ko? Sa tabi ko?!

Okay! Papunta na siya sa side ko! Waaaa! Di ako makapaniwala na ang ini-istalk ko. Katabi ko ngayon! *O*

“I suppose you’re Ms. Suzane?” tanong niya.

Ako? Eto tulala. Grabe! Kinausap niya nanaman ako.

SNAP

Napapikit ako ng dalawang beses. Hindi ko napansin na nakatitig lang pala ako sa kanya.

“h-ha? U-uhmm. Yeah. I’m Curtney Koleen Suzane” sabi ko. Ay shunga! Curtney naman! Apilido mo lang yung tinatanong sinabi mo naman buong pangalan mo!

Face Palm

“Yeah. I know you. Tsaka ikaw lang naman ang unica ija ng mg Suzan eta minsan kong naka-encounter sa mall” sabi nia sabay pamatay ngiti. Taktee! Huwag kang ganyan! Nai-inlove ako sa iyo lalo eh!

Dubdubdubdubdub ay lintek na puso yan! Magtigil ka! May nililigawan nay an.

“**Aah. I see. Hehe. Naalala mo pa pala yun**” sabay iwas ng tingin. Sheteee!
Kinikilig ako! Landi lang eh (>////<)

“**Haha. Oo naman**” sabi niya. Nginitian niya ulit ako.

Juskooopoo! Nasa langit na ba ako at may gwapong anghel sa harap ko?!

Ngumiti lang din ako sa kanya at nakinig ulit.

Stalk 5:

Curtney’s POV

2 months na rin simula nung nagging classmate k si Drake. 1 buwan ko na ring nalaman na SILA na ni SANDY at siyempre ako naman eh sobrang umiyak.

Di ko nalang sinabi kahit kanino, lalo na kay Milly at kay Kuya. Pati na rin sina Cheska at Nadine kasi ayaw ko ng gulo.

Nagging magkaibigan kami ni Drake pero tango at ngiti lang pagnagkikita kami kasi baka daw magselos ang BEB niya.

Tss. Nababadtrip nga ako minsan eh. Lalo na pagnakikita ko si Sandy sa harap ng room naming at nakikipaglandian kay Drake. -__-

Tatlong linggo na rin akong tumigil sa kakaistalk sa kanya. Kasi ano pang use nun eh alam ko naman wala na akong pag-asa. Aray. Ansakit talaga.

Pero ganun naman talaga pagdating sa love diba? May magiging Masaya at meron ding MASASAKTAN. At sa sitwasyon naming ngayon? Ako yung nasasaktan. SOBRA.

Wala nga pala yung dalawang engeng. Absent. Ewan dun sa dalawa. Hehehe.

Nagkakakilala na nga rin pala sina Cheska't Nadine at si Milly. Sobrang saya pa nga nung dalawa kasi nakita na rin daw nila sa personal si Milly, ang Campus Sweetheart ng Suzane High. haaaay. Siya na talagang popular. Ganda kasi ng besty ko ^___^

Nandito ako ngayon sa locker room. May kinuha akong book.

Asan nab a yun?

*hanap

*hanap

*hanap

Ayun! Nakita na rin. Grabe naman kasi eh. Dami kong libro sa locker ko. Hehehe.

Habang naglalakad ako. Medyo malayo na ako sa locker room eh narinig akong kalabog.

O___O hala?! Ano kaya yun?!

Bumalik ako sa locker room at nakita ko si Sandy na nakahiga sa sahig.

Kaya pinuntahan ko siya.

“Sandy! Sandy! Hoy! Gising! Sandy!” sabi ko habang tinatapik siya.

Gosssh?! Anong gagawin ko.

Kinuha ko yung phone ko at magdadial na sana kaso ..

TUUGSSSHH(sa maniwala kayo sa hindi, tunog yan ng pintong bumukas. Sensya naman! La ng maisip na sound effect eh. Epic fail si Miss A ngayon. Haha)

Biglang bumukas ng pagkalakas-lakas ang pinto at nakita kong lumabas nun si ...

Drake .. na may sobrang pag-aalala sa mukha at lumapit sa amin.

Kay Sandy.

“Sandy! Hey! Beb, wake up! Sandy!” sabi niya sabay tapik sa pisingi ni Sandy.

At ako? Eto nakaupo sa sahig gawa ng pagtabig niya sa akin.

Dumugo nga braso ko eh, di ko rin kasi napansin na may pako na nakausli sa isang locker sa bandang baba, kaya nung natabig niya ako nasagi ko yung pako.

Nagulat nalang ako nung tinignan ako ng masama ni Drake.

Grabe, ngayon ko lang siya nakitang ganun. Sobrang kinakabahan na ako, kulang nalang lumabas na yung puso ko mula sa katawan ko.

Ang ikinagulat ko pa ay yung pagsigaw niya sa akin. Tumulo naman bila ang luha ko, pero di dahil sa pagsigaw niya pero dahil sa bintang niya sakín na ikingulo naman ng isip ko.

“ANONG GINAWA MO KAY SANDY?! SABIHIN MO! ALAM KONG IKAW ANG MAY KAGAGAWAN NETO! SUMAGOT KA!” sigaw niya.

Wala akong masabi dahil nagulat ako sa kanya. Ni isang salita wala lumalabas sa bibig ko.

Tulo lang ng tulo ang mga luha ko.

“W-wala a-akong g-ginaw-wa s-sa k-kanya D-drake” sa wakas may nasabi rin ako na halatang basag na ang boses ko dahil umiiyak na ako.

“Dalhin na muna natin siya sa ospital Drake! Marami ng dugong nawawala sa kanya!” sabi ko sa kanya kaya dalidai niya namang binuhat si Sandy. Buti nalang din nakita ako ni James at isinakay na naming sa sasakyan si Sandy para dalhin siya sa ospital.

Sa buong biyahe tahimik lang kami, lalo na si Drake na nakatingin lang sa Sandyang unconscious.

Pagdating naming sa ospital, inasikaso agad nila si Sandy. Dinala naming siya sa ospital naming. Yup, bukod sa school may ospital ding ipinatayo ang pamilya nina daddy, doctor kasi yung kapatid niya, si Tito Christopher.

Naghintay lang kami sa labas ng ER. Pinalabas ko na muna si James para bumili ng pagkain.

Maya-maya lumabas na rin yung doctor.

Tumayo agad si Drake at lumapit sa doctor.

“Kumusta na po siya? Magiging okay nap o ba siya?” tanong niya ng diredirectso sa doctor.

“She’s already stable. Mabuti nalang at naidala niyo siya agad dito dahil baka din a siya umabot dahil maraming dugo ang nawala sa kanya and good thing eh may stock kami ng dugong kailangan niya. Ililipat na siya sa isang kwarto. Excuse lang po.” Sabi ng doctor at nakahinga kami ng malalimni Drake.

“Salamat Doc.” Sabi ko sa kanya at nginitian ko siya.

“No problem miss Courtney” sabi niya. At ngumiti rin siya sabay alis.

Kilala kami dito sa lahat ng staff sa ospital kay now wonder kilala ako ni Doc. Garcia.

Pag-alis ni doc, bigla nalang akong hinila ni Drake palabas ng ospital at dinala sa wala gaanong tao.

Sobrang higpit din ng pagkakahawak niya sa braso ko, kung saan may sugat ako. At sobrang hapdi na niya na rin.

“A-aray. Drake, nasasaktan ako.” Sabi ko na mahinahon.

Binitawan niya ako, pero malakas na pagbagsak na.

“Aray” yun lang nasabi ko.

“Sabihin mo. Bakit mo yun nagawa kay Sandy!? Ganun ka na ba kadesperada hah?!” nagulat ako sa kanyang pgsigaw ULIT. Di ko nalang pinansin at sinagot siya. Na sobra naman akong nagtataka sa mga tanong niya.

“Anong ibig mong sabihin? Tsaka, wala nga akong alam sa nangyari sa kanya. Nung may narinig akong kalabog galing sa locker room bumalik ako at nakita ko si Sandy sa sahig na nakahiga at may dugo sa ulo niya. Wala akong alam sa ibinibintang mo” sabi ko sa kanya still mahinahon.

“Talaga? wala kang alam? Eh diba alam mo naman lahat tungkol sa akin?” sabi niya na may nakakalokong tono.

Teka, ano daw? Alam ang tungkol sa kanya? Di kaya—

“Oo Curtney, alam kong matagal mo na akong ini-istalk. Pati sa condo ko, sa bahay naming at lalo na sa school. Hindi ako tanga para di ko malaman yun!” sabi niya sa akin na ikinagulat ko.

Paano niya nalamang ako? Nag-iingat naman ako diba?

Pero—

“P-paano m-mo n-nalaman?” sabi ko nalang.

“*smirk*, minsan kitang pinasundan sa tauhan ko kaya nalaman kong ikaw ang nang-iistalk sa akin. At alam kong di malayong ikaw ang may gawa nun kay Sandy!” sabi niya sa akin. Pinagbibintangan niya ba talaga ako?

Tumulo nalang bigla yung luha ko. Ansakit ng pinagbibintangan ka ng taong mahal mo. Tagus sa buto mga dre.

“*sniff* wala akong ginawa kay Sandy! Ni minsan Drake hindi sumagi sa utak kong gumawa ng di maganda sa kanya kasi alam kong mabait siya at mahal mo siya. Kahit na masakit, tinaggap kong kahit kalian, hindi mo ako mapapansin kasi nahanap mo na ang mahal mo. Maniwala ko, wala akong ginawa sa kanya.” Sabi ko ng tuloy-tuloy habang umiiyak.

Sobrang sakit. Akala ko magiging friends na talaga kami ng tuluyan, kasi kahit yun man lang, matatanggap ko.

Pero eto din pala ang matatanggap ko mula sa kanya.

“huh. Galing mong gumawa ng storya. Eh ano tong sulat na to?” sabi niya at may ipinakitang kapisasong papel sa akin.

“A-ano yan?” tanong ko habang itinuturo ang papel na hawak niya.

“Nagmamaang-maangan ka pa eh! Yan! Basahin mo yang isinulat mo!” sabi niya sabay haggis ng papel sa mukha ko.

Pinulot ko yun at binasa.

Ito ang nakalagay ..

Sandy magkita tayo sa locker room 5pm SHARP. Don't be late

- ***Curtney Koleen Suzane***

O____O

Hindi ako nagsulat neto! Pero kuhang kuha niya yung sulat kamay ko.

Sinong may gawa neto?!

Nanginginig yung mga kamay ko sa takot dahil wala akong maalalang sinulat na ganun.

“D-drake, h-hindi ako nags-sulat n-nito” sabi ko na nanginginig na talaga sa takot sabayan mo pang naiiyak nanaman ako.

Kasi naman, sino bang may galit sa akin at gusto akong siraan?

“Hindi ikaw ang sumulat neto? Eh sulat kamay mo yan hindi ba? Tsaka wala ka ng takas. Hindi ko to palalagpasin at sisiguraduhin kong magbabayad ka sa pananakit sa taong mahal ko!” sigaw niyang sabi sa akin.

Walang akong masabi kundi umiyak lang ng umiyak. Hindi talaga ako makapaniwala sa mga nangyayari ngayon.

“At nalaman ko pang mahal mo pala ako? Huh. No wonder ba’t mo yan nagawa” sabi niya na may ngiting nakakaloko.

I can’t believe this, siya ba talaga yung taong mahal ko? Paranh hindi eh. Kasi ang alam ko, mahinahon siya, nakikinig ng eksplasyon ng iba. Pero ito? Ibang Drake ang nasa harap ko. GALIT NA DRAKE ang nasa harap ko at s tingin ko handing pumatay sa nangyari sa babaeng pinakamamahal niya.

At pati pala yung tungkol sa nararamdaman ko alam niya na.

“Oo Drake, mahal kita. Pero kahit na ganun, hindi ko naisip na gumawa ng ganyang bagay sa pinakimportanteng tao ng taong mahal ko. Alam kong—PAAAKKK!” nagulat ako kasi sa gitna ng page-explain ko sa kanya bigla niya akong sinampal na sobrang ikinadurog ng puso ko.

Tumulo ulit ang mga luha ko. Dahil di ko aakalaing sasampalin niya ako.

Ansakit grabe. Potek lang!

“TAMA NA! ayaw ko ng pakinggan pa ang walang kwentang pagpapaliwanag mo! UMALIS KA SA HARAP KO! AT HUWAG MO NA AKONG I-ISTALKAN PA! ALIS!”sigaw niya sa akin.

At dahil sobra na rin akong nasaktan, umalis na lang ako.

Naglakad lakad lang ako. Di ko alam kung nasan na ako. Basta lakad lang ako ng lakad. Kanina pa rin tumatawag sina Kuya at James maging yung tatlo kong kaibigan eh tinatawagan ako pero wala ako sinagot ni-isa. Gusto ko munang mapag-isa at hayaang masink-in sa utak ko ang mga nangyare kanina.

Grabe pala noh? Kahit na wala ka pang move na ginagawa eh nasaktan ka na agad. Ay meron nap ala pero patago lang. haaay.

Nung araw na nalaman kong sila na ni Sandy, tumigil na rin ako sa ginagawa kong kabaliwan sa kanya. Kasi nga diba? Useless. Nandyan na yung taong alam kong magmamahal sa kanya eh.

Hindi ko nalang yun sinabi kay Drake kasi dir in naman siya makikinig eh.

Wala ako sa huwisyong habang naglalakad ako. At pakiramdam ko eh nahihilo na ako. Naalala kong may sugat pala ako sa may braso na nahawakan ni Drake kanina. At hanggang ngayon, dumudugo parin. Malalim yata yung sugat eh.

Mayamaya lang may naaaninag akong ilaw na may maingay na tunog ..

BEEEEEEPPP BEEEEEEPPP!

And the last thing I know, something bump on me and everything's black.

Stalk 6:

Milly's POV

***riinnnggg**

Ang ingay naman netong cellphone ko.

Inabot ko yung phone ko at sinagot without looking who is the caller. Gabi na kasi masyado tsaka antok pa ako noh.

“He—” pinutol ako ng nasa kabilang linya.

[Is this miss Milly de Vera? Miss Curtney Suzane’s friend?] aba sosyalen ha. Ume-english si manong. Pero wait ano daw? Friend ni Curtney Suzane? Eh bestfriend ko yun eh!

“Y-yes. Speaking. Who’s this?” tanong ko naman. Para yatang kinakabahan ako ah. Is there something happen to my bestfriend?

Tinignan ko saglit ang caller at nakita kong si Besty nga ang tumatawag.

[Uhhmm. May nangyari po kasi—] di ko na pinatapos ang sinasabi niya at tinanong agad kung anong nangyari sa kanya. Sobrang kinakabahan na talaga ako. Kanina pa kasi naming tinatawagan si Curtney pero di niya sinasagot.

“Anong nangyari sa bestfriend ko?! Sumagot ka!” napasigaw ako dahil sa sobrang kinakabahan talaga ako.

[nabunggo po kasi siya ng isang kotse at malakas po ang nangyaring impact. She’s in critical condition right now, nasa *** hospital po siya]** sabi nung nasa kabilang linya.

Naihulog ko ang cellphone ko dahil sa shock ko.

No.. no.. hindi maaari. Anong nangyari sa kanya? Kanina lang sabi niya sa akin nagkausap na sila ni Drake at super saya niya tapos eto?

Napatakbo akong garage at pinatakbo ang kotse ko ng sobrang bilis. Di ko na ininda ang suot ko kahit na nakaPJ’s pa ako.

Tinawagan ko na rin sina Kuya Carl at sila din eh di makapaniwala sa nangyari kay Curtney.

Nakarating na akong ospital at tinanong sa nurse station ang room ni Curtney at nalaman kong nasa ICU siya ngayon.

So it only means talagang nasa kritikal nga siyang kondisyon.

Umupo ako sa labas ng ICU at dir in nagtagal dumating na si Kuya Carl.

“Anong nangyari kay Curtney?!” tanong agad sa akin ni kuya na halata mong alalang alala sa kapatid niya.

“hindi ko alam. Bigla nalang kasing m-may t-tumawag sa a-akin tapos s-sinabi niyang k-kritikal d-daw ang kondisyon ni Curtney” sabi ko na din a napigilan ang luhang kanina ko pa pinipigilan.

Niyakap niya ako at pinatahan.

Mayamaya lumabas na yung doctor.

“Doc, kumusta ang kapatid ko? Sabihin niyo.” Nagaalalang tanong niya kay doc.

Huminga muna ng malalim yung doctor bago siya magsalita.

“For now she’s in coma. at stable na rin siya. But I’m not sure kung kalian siya magiging, malakas kasi ang impact nung nabunggo siya sabi nung nagdala sa kanya dito. I didn’t expect this will happen to her. Kanina lang kasi kausap ko pa siya kasama nang isang lalaki” sabi ni doc.

Lalaki? Sinong lalaki naman yun? At anong ginagawa nila dito?

“May kasamang lalaki? Ano naman pong ginagawa nila dito?” tanong ni kuya Carl kay doc.

“**May dinala kasi silang babae dito, duguan din**” nagulat kami ni Kuya Carl at nagkatinginan kami.

Sino naman kaya yun?

Drake's POV

Nandito pa rin ako sa labas ng ospital.

Matagal ko ng kilala si Curtney, minsan na siyang dinala ng mommy at daddy niya sa isang party kung saan nandun din ako, sigru grade 6 pa kami nun.

Flashback ..

Nakita ko siya sa isang sulok nagbabasa lang ng libro at may suot na salamin.

I find her cute. Pinakilala rin siya sa akin ng mommy niya pero dedma lang siya sabi din ng mommy niya na hindi daw kasi sociable si Curtney kaya ganun.

Di niya yata ako nakita ng maayos kasi busy siya sa kababasa ng libro. Ewan kung anong libro yun.

Hanggang nung high school nagging schoolmate ko siya.

Nung 2nd year na kami minsan ko siyang nakita sa cafeteria nun. Ewan lang kung nakita niya kaya ako.

Hanggang nag-third year ako at may nagustuhan na babae. Leader siya ng cheering squad. Sandy Montez ang pangalan niya. At isang taon ko rin siyang tinitignan lang sa malayo pero minsan si Curtney naman ang nakikita ko.

Noon pa man nagtaka na ako kung bakit kung nasaan ako nandun si Curtney. Kaya ang ginawa ko eh pinasundan ko siya ng tauhan ko nabinigay ng daddy ko in case dawn a naka magamit ko.

At nalaman ko nga na STALKER kop ala siya. Sabi kasi sa akin ng tauhan ko na kung saan daw ako magpunta eh sinusundan niya ako. Maging sa condo ko, sa bahay lalo na sa school.

At nung fourth year na kami. Nasa cafeteria kami nun at nasa kabilang table lang naming sina Curtney at yung bestfriend niya.

Nabanggit ko na rin sa mga kaibigan ko yung tungkol sa pang-iistalk ni Curtney, at maging sila sin a makapaniwala.

Kaya napalingon ako sa side nina Curtney at mukhang napansin kami ng friend niya kaya napatingin din siya sa gawi naming.

Hanggang sa isang araw eh nakita ko ang pagbabago niya. Gumanda siya, I admit.

Yung cute niyang istura eh nagging mas cute.

I know I must not admire her like this kasi may nililigawan na ako. Si Sandy. Yes. Yung taong matagal ko ng gusto.

Pero kasi, there's something about her that makes me feel like this. Ewan?

Kinalimutan ko na rin yung about dun sa nararamdaman ko kay Curtney at binaling ang buong atensyon ko kay Sandy.

Until one day nagusap-usap kami ng mga barkada sa tambayan naming.

Nagsalita bigla si Kyle.

“Bro, balita ko nililigawan mo day si Sandy ah, yung leader ng cheering squad! Grabe! At last nagkaroon ka narin ng lakas ng loob!” sabi niya kaya napangiti nalang ako.

Mayamaya may narinig akong parang may kumaluskos sa may puno di gano malapit sa tambayan namin.

May nakita akong babaeng tumatakbo.

Kaya nag-excuse muna ako sa barkada ko na may pupuntahan pa ako saglit.

Sinundan ko yung babaeng tumakbo kanina. Napadpad kami sa isang park.

Nung tumunghay na ang babae nagulat ako kasi si ..

CURTNEY ang nakikita kong babaeng kaninang tumatakbo at umiiyak ngayon.

Parang may something na kumirod sa may puso ko. Hindi ko alam pero parang nasasaktan ako sa nakikita ko?

Mayamaya lang din eh umalis na siya.

Kaya umuwi na rin ako. Pero di pa rin mawala sa isip ko ang mukha ni Curtney na umiiyak. Ewan. Talagang bumabagabag talaga yung mukha niyang yun eh.

Lumipas ang ilang buwan at ganun pa rin alam kong sinusundan ako ni Curtney kahit saan, kahit alam niyang nililigawan ko na si Sandy.

Until graduation day, ang araw na sobrang saya ko dahil sinagot na ako ni Sandy.

Nagcelebrate kami together with our families.

May isang beses din na pumunta akong grocery kasi naubusan na ako ng stocks sa condo ko.

Nasa mga side ako ng mga jam at iba pang pampalaman.

Kukunin ko n asana yung nag-iisang strawberry jam pero pagkuha ko.

May nahawakan akong kamay, kamay ng babae.

Nung tiningnan ko kamay ni ...

Curtney ..

Dubdubdudub ..b-ba't ganito y-yung nararamdaman ko? I never felt like this before even kay Sandy.

Hindi ko alam ba't biglang bumilis yung tibok ng puso ko.

Kaya ang ginawa ko eh binitawan ko na kahit na gusto ko pang hawakan yung malambot niyang mga kamay.

SHHOOTT! Ano ba tong mga sinasabi ko?! Mali to!

“Ahhmm. Sorry, sige sayo na yan, iba nalang kukunin ko” sabi ko sa kanya at kinuha nalang yung chocolate spread. Nag-iisa nalang kasi yung strawberry jam eh. Kahit na labag man sa kalooban kong bitawan ang malambot niyang kamay.

At ankyot niya rin magulat kasi literal talagang lumaki ang maliliit niyang mga mata.

Shete naman! Mali to eh. *iling iling* alalahanin mong may girlfriend ka na Drake!

Umalis na rin ako after kong kunin yung choco spread.

Hanggang sa nagpasukan na, Architecture kinuha kong course at alam kong alam na rin ni Curtney ang tungkol dun.

Late na akong nagising nung first day of class at ayun nalate talaga ako.

Sa tingin ko eh nagdidiscuss nun yung Prof. namin sa Math but I interrupted her.

“Sorry ma'am I'm late” sabi ko na sobrang hingal na hingal ako.

Napatingin sa akin mga kaklase ko. Including her.

Pinaupo na ako ng prof naming sa tabi ni Curtney.

Oo kaklase ko siya.

At hidi ko na itatanggi, Masaya ako kasi katbi ko siya.

“I suppose you’re Ms. Suzane?” tanong ko sa kaniya

At parang natulala siya. Ankyot niya talaga.

So I snap my fingers para magising na siya.

SNAP

Napapikit siya ng dalawang beses. Para kasing napatitig na siya eh.

“h-ha? U-uhmm. Yeah. I’m Curtney Koleen Suzane” sabi niya. Pinigilan ko lag yung tawa ko kasi nauutal pa siya nung sinabi niya pangalan niya. Yung buong pangalan niya, eh apilido niya lang naman yung tinatanong ko eh.

“Yeah. I know you. Tsaka ikaw lang naman ang unica ija ng mg Suzan eta minsan kong naka-encounter sa mall” sabi ko sabay ngiti.

“Aah. I see. Hehe. Naalala mo pa pala yun” sabi niya naman sabay iwas ng tingin. Para yatang namumula siya? Kyot lang! ay ano ba Drake! Tumigil ka nga! May girlfriend ka na oh!

“Haha. Oo naman” sabi ko. At nginitian ko siya.

After that nagging friends kami pero puro tango at ngiti lang yung ginagawa naming.

Iwas kasi ako sa ibang babae eh. Lalo na kay Curtney. Ayokong maattached sa kanya kaya kung maaari hanggang dun lang kami.

Until dumating yung araw na di ko inaasahan.

Nagpaalam sa akin si Sandy na may kukunin lang siya sa locker niya kaya iniwan niya yung bag niya sa akin tsaka yung book niya.

